

liberalismo

ISANG PRAYMER

JULIO C. TEEHANKEE, Ph.D.

NILATHALA NG NATIONAL INSTITUTE FOR POLICY STUDIES
2005

Liberalismo
Isang Praymer

ISBN 971-8844-02-3

© Karapatang Maglathala 2005 National Institute for Policy Studies

Isinalin nina Lamberto Francisco A. Ramirez at Rudy G. Santos

Ang lahat ng karapatan ay reserbado. Walang bahagi ng publikasyong ito ang maaring mailimbag sa anumang anyo nito nang walang nakasulat na pahintulot ng pabliser.

Nilathala ng

NATIONAL INSTITUTE FOR POLICY STUDIES
4th Floor, J&T Building, Ramon Magsaysay Blvd., Sta. Mesa, Manila
www.nips.org.ph

Paunang Salita

Ang pagiging “liberal” ay karaniwang naipagkakamali bilang mapagtanggap, mapagpaubaya o isang taong naniniwala sa kasabihang “mabuhay at hayaang mabuhay.”

Dulot ng ganitong maling pag-unawa, marami tuloy ang may pagtingin sa “liberalismo” bilang isang pananaw na “malambot,” “lampa,” at walang-katatagan o di mapagpasiya.

Ang praymer na ito sa liberalismo ay panimula sa isang pilosopiya, ideolohiya at katipunan ng mga pampulitikang kaisipan at kaugalian na ngayon ay itinuturing na isa sa mga pundasyon ng maraming makabago at progresibong lipunan sa buong mundo. Ipinakikita nito na ang liberal na pananaw ay aktibo, maprinsipyo at tapat. Ang liberal na ideya na nag-uudyok sa liberalismo ay humuhubog sa isang liberal na tao upang maging isang masugid na “mandirigma” laban sa diktadura, mga pamahiin, mali at makitid na palagay, diskriminasyon, pundamentalismo, makasariling interes, katiwalaan at masamang pamahalaan, ilan sa maraming uri ng kasamaan, na sumisira sa pagkakapalagayan at matiwasay na pamumuhay ng ating mga komunidad. Ipinapakita nito na ang posisyon ng liberalismo ay angkop sa mga usapin ng pamamahala at kaunlaran, mahalaga sa pagbubuo ng ating bansa at sa paglago ng ating demokrasya, na masasabing mahalaga sa paghahanap ng ating mamamayan sa kalipunan ng mga paniniwala na kumikilala sa ating mga magkakaibang pagtingin subali’t nagbibigay kakayanan sa atin upang humanap ng kolektibong solusyon sa ating mga suliranin.

Nais naming ituring ang mambabasa ng praymer na ito, na isinulat ni Dr. Julio C. Teehankee, isang dalubhasa sa pulitika at kasapi ng lupon ng National Institute for Policy Studies (NIPS), bilang mapanghahawakang panimulang pag-alam sa liberalismo at hindi

katapusan ng pag-aaral nito. Ninanais namin na ito ang mag-uudyok sa mambabasa na lalo pang pag-aralan ang liberal na kaisipan at kaugalian.

Ang praymer na ito ay bahagi ng serye ng mga publikasyon na nakatalagang ilathala ng National Institute for Policy Studies upang maipaunawa sa publiko ang mga batayang prinsipyo at praktikal na pagsasabuhay ng demokrasyang liberal sa ating bansa.

MARIO M. TAGUIWALO

Pangulo, National Institute for Policy Studies

Pahayag ng Pagsuporta

Ang pagtataguyod sa konsepto ng liberalismo ang sentro ng lahat ng mga programa ng Friedrich Naumann Foundation, na kilala bilang *Foundation for Liberal Politics*.

Sa kabila ng mga kontrobersiya na umiinog sa konsepto ng liberalismo, pagkapoot dito at, siyempre pa, pati na ang matinding pagtuligsa sa panig ng mga sumasalungat dito, ang liberalismo, gaya ng sosyalismo at konserbatismo, ay nananatiling isa sa tatlong pangunahing pampulitikang kalakaran ng makabagong panahon. Gayunpaman, marami pa ring agam-agam at maging sa hanay man ng mga liberal, naroon pa rin ang pangamba at di-katiyakan sa kung ano talaga ang kanilang paniniwalang pulitikal.

Ang mga diskursong ideolohikal ay lalagi pa ring isang mahalagang bahagi ng mga mithiing liberal. At dahil taliwas ang liberalismo sa dogmatismo, hindi ito naghahain lamang ng mga simpleng kasagutan sa masasalimuot na usapin. Hindi nakapagtataka na sa katapusan ng diskusyon ng anumang isyung pulitikal, maaring magkaroon ng tatlong magkakaibang posisyon ang tatlong liberal. Subalit dapat kong idagdag na ang pagiging bukas sa diskurso, ang pagsalungat sa anumang hugis, laki at kulay ng dogmatismo, ay hindi dapat ipakahulugang kalabnawan ng ideolohiya at kakulangan ng prinsipyo. Ang mga liberal ay nananangan sa malinaw na mga prinsipyo, at gaya ng gagawing paglilinaw sa mga susunod na pahina, ang ilan sa mga ito ay hindi maaaring ipagpalit o mabago: Kalayaan ng indibidwal at pananagutan, karapatang pantao at pangigingibabaw ng batas, pagkakapantay-pantay ng oportunidad at paniniwala sa bisa ng ekonomiyang nakabatay sa pamilihan tungo sa pagtataguyod ng kaunlaran at pagtanggap ng kahirapan.

Sa mga taon na aking iginugol sa Friedrich Naumann Foundation dito sa Pilipinas, napagtanto ko na ang karamihan sa mga Pilipino ay kumikilala sa mga pagpapahalagang liberal. Sa aking pagtingin, ang popularidad ng uri ng pananaw o pangangatwirang ginagamit ng liberalismo ay isang napakahalagang kondisyon sa patuloy na paglawak ng Partido Liberal sa bansang ito. Ang National Institute for Policy Studies ay itinatag, maraming taon na ang nakararaan, upang itaguyod ang isang programang liberal sa loob at labas ng partido. Sa ganitong edukasyunal na inisyatiba, naging malaking tulong na ang Friedrich Naumann Foundation sa mga grupong mapag-isip sa Pilipinas mula noon pang maitatag ang NIPS at patuloy nitong gagawin ang ganitong adhikain sa mga susunod pang panahon.

Ang polyetong ito na hawak ninyo sa inyong mga kamay ngayon ay produkto ng napakarami nang diskuyon at debate sa hanay ng mga nakatataas na intelektwal na nagtataguyod ng Liberalismong Pilipino. Ang resulta ng mga masiglang diskursong ito ay mahusay na naisulat ni Dr. Teehankee sa praymer na ito na siya kong inaasahang makatutulong sa patuloy na lumalawak na kilusang liberal sa kanyang paghahanap at pagbubuo ng mga liberal na kasagutan sa napakaraming hamong kinahaharap ng mga Pilipino ngayon at sa suunod pang panahon.

DR. RONALD MEINARDUS

Residenteng Kinatawan ng Friedrich Naumann Foundation

Tungkol sa may Akda

Si Julio C. Teehankee ay katulong na propesor at tagapangulo ng Departamento ng Agham Pampulitika sa De La Salle University-Manila (DLSU-M). Hawak niya ang Lorenzo Tañada Chair sa Agham Pampulitika sa paaralang ito. Natapos niya ang Ph. D. in Development Studies (may karangalan) mula sa DLSU-M, ang M.A. in Political Science mula Unibersidad ng Pilipinas, at ang A.B. in Political science mula pa rin sa DLSU-M.

Si Teehankee ay isang Japan Foundation Fellow at Ibaraki University, Japan (1995-1996); Fulbright American Studies Fellow at Southern Illinois University in Carbondale, USA (2000); Sumitomo Foundation Research Grantee at Waseda Institute of Asia-Pacific Studies, Japan (2000); Visiting Research Fellow of the Japan Institute of International Affairs (2000); Salzburg Seminar American Studies Fellow in Austria (2002); at International Academy of Leaders Fellow in Gummersbach, Germany (2003).

Nanunungkulan siya ngayon sa Board ng National Institute for Policy Studies (NIPS) at dati siyang co-chair ng Public Policy and Advocacy Commission of the Liberal Party.

Mga Nilalaman

ANG PILOSOPIYA NG LIBERALISMO 2

| | |
|--|----|
| Ano ang liberalismo? | 2 |
| Ano ang pinag-ugatan ng kilusang liberal? | 2 |
| Ano ang liberal na pananaw sa indibidwal at sa lipunan? | 3 |
| Ano ang pundamental na prinsipyo ng liberalismo? | 3 |
| Ano ang mga pangunahing pagpapahalaga sa liberalismo? | 4 |
| Ano ang ideolohiya? | 5 |
| Paano naiiba ang liberalismo sa iba pang ideolohiya? | 6 |
| Anu-ano ang mahahalagang grupong ideolohikal sa Pilipinas? | 11 |

ANG MGA PAMPULITIKANG DIMENSYON NG LIBERALISMO 16

| | |
|--|----|
| Ano ang tinatawag na liberal na pakikitungo sa demokrasya? | 16 |
| Ano ang demokrasyang liberal? | 17 |
| Anu-ano ang mga mahahalagang katangian ng isang demokratiko at liberal na rehimen? | 17 |
| Ano ang tinatawag na hindi malayang demokrasya? | 17 |
| Ano ang kahulugan at kahalagahan ng tinatawag na pangjingibabaw ng batas? | 18 |
| Ano ang kaibahan ng “batas at kaayusan” at “pangjingibabaw ng batas”? | 19 |
| Ano ang mabuting pamamahala? | 19 |
| Bakit lubhang pinahalagahan ng mga liberal ang mga karapatang pantao? | 20 |
| Ano ang liberal na pananaw sa desentralisasyon? | 21 |

ANG MGA PANG-EKONOMIYANG DIMENSYON NG LIBERALISMO 22

| | |
|---|----|
| Ano ang liberal na pananaw sa pag-aari at pamimilihan? | 22 |
| Ano ang relasyon sa pagitan ng mga kalayaang pang-ekonomiya at ng malayang pamimilihan? | 22 |
| Bakit ang pamilihan ang pinakasukatan ng gawaing pangkabuhayan? | 23 |
| Paano nakikinabang ang mga mamimili sa malayang pamimilihan? | 23 |
| Bakit ang pagiging malaya ang pinakasagot laban sa kahirapan? | 24 |
| Ano ang relasyon ng mga karapatan sa pribadong pag-aari at kalayaan ng indibidwal? | 25 |

ANG MGA PANLIPUNANG DIMENSYON NG LIBERALISMO 26

| | |
|---|----|
| Ano ang panlipunang dimensyon ng liberalismo? | 26 |
| Ano ang panlipunang tungkulin ng pamilihan? | 26 |
| Ano ang pangmamamayang kalayaan? | 27 |
| Ano ang panlipunang kalayaan? | 27 |
| Ang liberalismo ba ay tugma sa mga pagpapahalaga ng mga Asyano? | 28 |

MGA SANGGUNIAN 29

liberalismo

ISANG PRAYMER

JULIO C. TEEHANKEE, Ph.D.

1

Ang Pilosopiya ng Liberalismo

1.1 Ano ang Liberalismo?

Ang liberalismo ay isang ideolohiya na nagtataguyod sa indibidwal at sa lipunan, kung saan ang indibidwal ay maaring bumuo at magsakatuparan ng pansariling interes. Ang salitang “liberal” ay mula sa salitang Latin na *liber* gaya ng liberty, na nangangahulugang malaya. Ang salitang ito ay ginamit bago pa mag- ika-19 na Siglo upang mangahulugan ng pagiging “mapagbigay at mapagpaubaya.” Sa ngayon, ang salitang “liberal” ay nangangahulugan ng isang pananaw o posisyong pulitikal.

1.2 Ano ang pinag-ugatan ng kilusang liberal?

Lumitaw ang liberalismo mula sa pagpupunyagi ng mga makabagong uri ng mangangalakal na lumaban sa makalumang pyudal na kaayusan sa Europa. Naniniwala ang liberalismo na ang pagtataguyod ng indibidwal na interes sa paraang malaya at rasyunal ay magdudulot ng pinakamainam sa lahat ng sistemang panlipunan. Ang mga naunang tagapagtaguyod ng liberalismo ay isang grupo ng mga mambabatas sa Espanya na nagbansag sa kanilang mga sarili na *Liberales* noong mga unang taon ng ika-18 Siglo. Lumaganap ang kilusan sa Pransya, Britanya at sa iba pang bahagi ng Europa. Sa Britanya, ang partidong pulitikal na tinatawag na *Whigs* ay naging Partido Liberal noong mga 1840. Ang mga naunang liberal ay nagkakaisa sa pagnanasang magkaroon ng malaya at mapagpaubayang lipunan, kung saan ang mga mamamayan ay maaring magtaguyod ng kanilang mga sariling ideya at interes nang walang gaanong pakikialam.

1.3 Ano ang liberal na pananaw sa indibidwal at lipunan?

Naniniwala ang liberalismo na ang bawat tao ay isang rasyunal at responsableng indibidwal na siyang tanging makapagpapasiya sa kung ano ang dapat para sa kaniyang pansariling interes. Ang buong potensyal o kakayanan ng isang tao ay maisasakatuparan kung siya ay hindi nalilimita ng isang kaayusang panlipunan na pinaghaharian pa rin ng tradisyon at herarkiya o ng isang pamahalaang lumilimita sa kalayaan ng indibidwal. Ito ay taliwas sa konserbatibo at pasistang pananaw na ang mga indibidwal sa lipunan ay natitipon at nakaugnay sa isang organikong kabuuan sa ilalim ng isang kaayusang panlipunan. Hindi rin ito sang-ayon sa argumento ng mga sosyalista na ang interes ng isang indibidwal ay pingingibabawan ng kagalingan ng buong lipunan. Pinaniniwalaan din ng liberalismo na walang prinsipyong maaring kumitil o pumigil sa karapatan ng bawat indibidwal sa larangan ng pulitika at ekonomiya. Bibigyan-diin ng liberalismo ang pagkakaroon ng pantay na oportunidad kung saan ang matatalino at ang masisipag ay nagagantimpalaan nang personal at ng mga material na bagay, na kaiba sa prinsipyo ng pagkakapantay-pantay kung saan ang indibidwal ay tagatanggap lamang ng mga benepisyong pang-ekonomiya dulot ng patakarang pagbabahagi ng pamahalaan. Sa pangkalahatan, ang mga liberal ay umaasa sa magagawa ng pag-unlad. Hindi sila naniniwala na ang sistema ay dapat panatilihin kahit na ito ay matagal nang umiiral.

1.4 Ano ang pundamental na prinsipyo ng liberalismo?

Ang pundamental na prinsipyo ng liberalismo ay nagbibigay-importansya sa kalayaan bilang isang pagpapahalagang pulitikal. Pinananiniwalaan nito na ang kalayaan ay para sa lahat. Ang paglilimita rito ay humihingi ng isang mahusay na kadahilanan. Ang pagbibigay

ng kadahilanang ito ay lalaging nasa balikat ng mga taong nagnanais maglimita sa kalayaang nabanggit. Kung gayon, ang kapangyarihang pampulitika at ang batas ay dapat maisakatwiran sapagka't may tendensiya ang dalawang ito na ilimita ang kalayaan ng mga mamamayan.

Ang pagkakaroon ng kalayaan ay tumutukoy sa sariling pagpapasiya kung saan ang isang malayang indibidwal ay siyang nagdedetermina sa kaniyang sariling mga aksyon. Ang kalayaan ay kalayaan sa isang kontekstong panlipunan, samantalang kalayaang pang-indibidwal ay kalayaan ng indibidwal ayon sa kanilang pulitikal at panlipunang kapaligiran. Ang konsepto ng kalayaang pang-indibidwal ay siyang buod ng liberal na ideolohiya.

1.5 Ano ang mga pangunahing pagpapahalaga ng liberalismo?

Naniniwala ang mga liberal na ang bawat tao ay mga indibidwal na may kakayanang mangatwiran at nararapat na bigyan ng pinakamalawak na kalayaan na tugma sa prinsipyo na tinatawag na “kalayaan para sa lahat.” Subali't ang pagkakapantay-pantay at pagkakaroon ng pantay na oportunidad ay dapat may kaakibat na responsibilidad at kasipagan. Ang mga prinsipyong ito ay makikita sa mga pangunahing pagpapahalaga ng liberalismo na kinabibilangan ng mga sumusunod:

- **Indibidwalismo** – ang paniniwala na nagbibigay-halaga sa indibidwal kaysa sa anumang grupo o kolektibo.
- **Rasyunalismo** – ang paniniwalang ang mundo ay may isang rasyunal na istruktura na maaring maunawaan sa pamamagitan ng paggamit ng tao sa kanyang kakayanang mangatwiran at magtanong nang kritikal

- **Pagkakaroon ng kalayaan** - ang kakayanan ng tao na mag-isip o gumawa ayon sa kaniyang sariling kagustuhan at pagpapasiya
- **Responsibilidad** - ang pagiging responsable ng isang indibidwal para sa kaniyang sariling pang-ekonomiya at panlipunang katayuan.
- **Katarungan** - ang makatwiran at makatarungang pagagagawad ng gantimpala at kaparusahan
- **Makabuluhang Pagpaparaya** - ang pagiging mapagpasensya, ang kagustuhang kumilala ng mga pananaw o aksyon maging ito man ay taliwas sa paniniwala o hindi sinasang-ayunan.

1.6 Ano ang ideolohiya?

Ang ideolohiya ay isang komprehensibong katipunan ng mga paniniwala, pag-uugali at pala-palagay hinggil sa mga institusyon at prosesong panlipunan at pang-ekonomiya. Bumabalangkas ito ng mga puna sa umiiral na sistema at naghahain ng ilang pananaw ukol sa isang ideyal na sistema. Ang lahat ng uri ng ideolohiya ay malawak na tumatalakay sa mga tanong na pulitikal. Nagbibigay ito ng isang balangkas kung paanong ang mga pagbabagong pulitikal ay dapat na maisakatuparan. Ang ideolohiya ay tumutukoy pa rin sa isang kabuuang pulitikal na pananaw na siyang nagsisilbing batayan at katwiran ng isang rehimen at ng mga patakaran nito.

JOHN LOCKE (1632-1704)

Si Locke ay isang pilosopo at pulitikong Ingles na kinilala bilang pangunahing tagapag-isip ng naunang anyo ng liberalismo. Sa kanyang *Two Treatises on Civil Government* (1690), pinatunayan niya na ang lahat ng tao ay may karapatang mabuhay, magtamo ng kalayaan at pag-aari, at ang pamahalaan ay umiiral para protektahan ang mga batayang karapatang ito.

Ang kanyang mga ideya ang nagpasigla sa Rebolusyong Industriyal sa Britanya, na siyang naging dahilan para sa pagkakalikha ng *Declaration of Independence* sa Estados Unidos at siya rin namang pinagtibay ng *Declaration of the Rights of Man and of the Citizen* ng Pambansang Kapulungan sa Pransya noong 1789. Noong 1948, ang kanyang mga ideya ay napaloob sa *Universal Declaration of Human Rights* na pinagtibay ng *United Nations*.

Talaan 1: Mahahalagang Katangian ng mga Malalaking Grupong Ideolohikal

| | Komunismo | Sosyalismo | Liberalismo | Konserbatismo | Pasismo |
|--------------------------------|--|-----------------------|--|---|---------------------------|
| Indibidwal | Likas na nakikipamuhay sa kapwa | | Makatwiran at may pananagutan | Organiko | |
| Indibidwal at Lipunan | Nakapailalim ang interes ng indibidwal sa pangkalahatang kagalingan ng lipunan | | Kalayaan at pagkakapantay-pantay sa pulitika | Kalayaan at kaayusan | Kaayusan |
| Pagkakapantay-pantay | Pagkakapantay-pantay sa resulta | | Pagkakapantay-pantay sa oportunidad | Likas na di pantay-pantay sa lipunan | Superyor na lahi at bansa |
| Estado/ Pamahalaan | Pagbabahagi ng resulta ng gawaing pang-ekonomiya | | Tagapagtanggol ng kalayaan ng indibidwal | Pagpapanatili ng mga tradisyunal na <i>values</i> | Pambansang karangalan |
| Pulitikal Ispektrum | Sagarang kaliwa | Kaliwa | Gitna | Kanan | Sagarang kanan |
| Pamamaraan sa Pagbabago | Rebolusyon | Demokratikong halalan | | | Coup d' etat |

1.7 Paano naiiba ang liberalismo sa iba pang ideolohiya?

Naiiba ang liberalismo sa iba pang mga ideolohiya, sa loob ng isang pulitikal na ispektrum, sa paniniwala nito na ang bawat tao ay may kakayanang mangatwiran at kumilos nang makatwiran, na kadalasang nalalagay sa mahihirap na sitwasyon sa tunay na buhaymundo. Ang bawat isa ay may likas na karapatang mabuhay, maging malaya at magmay-ari. Ipinapalagay ng liberalismo na ang bawat indibidwal ay mapagkakatiwalaan at siyang pinakamahusay na magkapagpapasiya sa kung ano ang nararapat sa kaniya. Dahil sa ang mga tao sa lipunan ay may kakayanang mabuhay nang maayos at produktibo, kung mabibigyan ng pagkakataon, dapat tiyakin ng pamahalaan na ang bawat isa ay may ganitong pagkakataon upang magkaroon sila ng

pinakamahusay na antas ng pamumuhay at lubusang magamit ang kanilang mga potensyal. Ang lahat ng indibidwal sa lipunan ay dapat na mabigyan ng kalayaan at pulitikal na pagkakapantay-pantay. Ang papel ng estado ay magbigay ng pantay na oportunidad sa lahat ng miyembro ng lipunan. Kung gayon, ang liberalismo ay nagbibigay-diin sa kahinahunan at sa mga pamamaraang nakatuon sa reporma para sa mga pulitikal at panlipunang pagbabago sa pamamagitan ng mga demokratikong halalan.

Sa kanan ng liberalismo ay ang konserbatismo. Ang konserbatismo ay isang pakikitungong pulitikal na makikilala sa adhikain nitong makapagpanatili, kung kaya ito ay laban o duda sa pagbabago. Hinahadlangan o pinapabagal ng konserbatismo ang pagbabago mula sa pamayanang nakabatay sa tradisyunal na pagpapahalaga at kaayusang panlipunan. Pangunahin nitong pinananiwalaan na nararapat panatilihin ang kasalukuyang kaayusan. Ang konserbatibong pananaw ukol sa kalikasan ng tao ay negatibo at kawalan ng pagkakapantay-pantay. Naniniwala ang mga konserbatibo na ang ilan sa mga tao ay may malaking kontribusyon sa lipunan kaysa sa ibang tao at ang mga ito ay nararapat lamang parangalan o kilalanin ng lipunan. Ang parangal na ito ay maaring kapalooban ng karapatang magkaroon ng posisyong may kapangyarihang pulitikal. Sa Pilipinas, ang konserbatismo ay makikita sa “demokrasyang elitista” na pinaghaharian ng tradisyunal na pulitika na nakabatay sa baril, mga bayarang armadong tauhan, at ginto. Naniniwala pa rin ang mga konserbatibo na ang lipunan ay dapat tingnan bilang isang “organikong kabuuan”, na may mga institusyon at pagpapahalagang nagbuhat sa pa sa likas na pangangailangan sa mga ito at siya namang dapat na mapanatili upang mapangalagaan ang marupok na “hibla ng lipunan.” Nakabatay sa kapangyarihan ang kaayusan sa lipunan. Ang papel ng estado ay panatilihin ang kaayusan at ang mga tradisyunal na pagpapahalaga. Ang malaking kaibahan sa pagitan ng konserbatismo

at liberalismo ay ang kanilang pagtingin sa kalikasan ng tao. Kung ang konserbatibong pananaw sa kalikasan ng tao ay negatibo at walang pagkapantay- pantay, tinitingnan naman ito ng mga liberal sa isang optimistiko at pantay na pananaw na nagbibigay-diin sa rasyunal na indibidwal.

Sa lalong kanan pa ng konserbatismo ay ang pasismo. Ito ay naniniwalang ang pinakamahalaga sa lahat ay ang mismong bansa. Nasasaad sa paniwalang ito na uunlad lamang ang mga mamamayan kung maunlad na ang bansa. Kung gayon, isang masidhing uri ng nasyunalismo ang pasismo. Sa pasismo, walang saysay ang indibidwal; ang pagkakakilala sa indibidwal ay lubusang nakapaloob sa lahi o bansa. Para sa mga pasista, ang kalayaan ay nangangahulugang lubusang pagpapailalim at pagsunod sa pinakamataas na pinuno at ang demokrasya ay pinapalitan ng isang diktadurang militar. Ito ang dahilan kung kaya madalas maglunsad ang mga pasista ng armadong pag-agaw sa kapangyarihan.

Sa kaliwa ng liberalismo matatagpuan ang sosyalismo. Para sa sosyalismo, ang pinakamahalaga ay makapagbigay ng mataas na kalidad, relatibong pagkakapantay-pantay na kondisyon ng kabuhayan para sa lahat, at may aktibong pamahalaan tumutulong sa pagsasakatuparan ng layuning ito. Naniniwala ang mga sosyalista na ang pinakamahalagang katangian ng tao ay ang likas nitong pakikipag-ugnayan sa kapwa. Dagdag pa rito, naniniwala rin sila na kapag binigyan ng pagkakataon, sadyang makikilahok ang bawat isa sa kooperatibang gawain. Binibigyang-halaga ng mga sosyalista ang lipunan sa kabuuan nito. Kung kaya, ang interes ng bawat indibidwal ay napapailalim o nakaangkla sa pangkalahatang pangangailangan ng bawat miyembro ng lipunan. Sa ganitong kondisyon, ang pamahalaan ay nararapat na may

malawak na gagampanang papel sa lipunan. Batay sa kasaysayan, may iba't ibang uri ng sosyalistang ideolohiya. Ang dalawang malalaking uri nito ay ang demokratikong sosyalismo at komunismo.

Ang komunismo o ang Marksista-Leninistang tipo nito ay pangunahing kumikilala at nagpapahalaga sa tunggalian ng mga uri. Layunin nitong lansagin ang kapitalismo sa pamamagitan ng marahas na rebolusyon at pagtatayo ng sosyalismo sa ilalim ng “rebolusyonaryong diktadura ng proletaryo” na pinamumunuan ng namamayaning partido. Sa kalaunan, ang sosyalismo ay yugtong tutungo sa pagtatayo ng ganap na komunismo o isang lipunang walang pag-uuri o pagkaklase ng tao. Sa nakalipas na 50 taon, mahigit na sa 60 bansa sa buong mundo ang nagtaguyod ng ilang tipo ng komunismo. Gayunpaman, ang karamihan sa kanila ay tumalikod na rito mula nang bumagsak ang Unyong Sobyet at mga komunistang bansa sa Silangang Europa noong huling bahagi ng dekada '80 at unang bahagi ng dekada '90.

Pagkakapantay-pantay ang pangunahing layunin ng demokratikong sosyalismo subali't isinusulong nito ang pagbabago sa lipunan at pulitka sa pamamagitan ng mga demokratikong pamamaraan, hindi ng dahas at paniniil sa mga karapatan ng mga mamamayan. Dahan-dahan ang pamamaraan nito upang matamo ang pagbabago sa panlipunan at pang-ekonomiyang kaayusan, habang pinananatili nito ang importansya ng karapatan ng bawat indibidwal at ang kanilang kalayaan. Ang ideolohiyang ito ay bahagyang naipatutupad sa pamamagitan ng “welfare state” at sistemang “social market” sa mga bansang tulad ng Denmark, Germany, Great Britain at Sweden.

Talaan 2: Malalaking Grupong Ideolohikal sa Pilipinas

| | Pambansang Demokrasya | Sanlipunang Demokrasya | | Demokarasyang Liberal | Kristiyanong Demokrasya |
|---|--|--|--|--|---|
| Pagsusuri ng Lipunang Pilipino | Malapyudal at malakolonyal ang Pilipinas na pinangingibabawan ng imperyalismo, burgesyang kumprador, panginoong maylupa at burukratang kapitalista | Ang kagalangan ng bayan ay matagal nang napabayaang dulot ng mga mamamayang nakaluklok sa pamahalaan at tanging interes lamang nila ang patuloy na tinataguyod | Palaasa at neo-kolonyal na sistema ng kapitalismo na may malaking bahagi nito ay nananatiling pyudal | Ang kasaysayang kolonyal at karanasan sa diktadura ay nagbunsod ng isang lipunang elitista, salat sa katarungan, laganap na kahirapan at katiwalaan, at dikta ng dayuhang interes | Nakatayo ang lipunang Pilipino sa mistulang piramidong relasyon sa pagitan ng mga "maliliit na tao" at "malalaking tao" |
| Hangarin Para sa Lipunang Pilipino | Pambansang demokrasya bilang yugtong transisyon tungo sa sosyalismo Diktadura ng uring manggagawa sa pamamagitan ng CPP | Makabuluhang patakaran para sa mga mamamayan na kinapapalooban ng mga mapagbahaging reporma, mahusay na serbisyong publiko at angkop na safety nets | Gabay nito ang demokratikong sosyalismo. Modelo nito ang sanlibutang demokrasya | Isang lipunang kung saan ang bawat lalaki't babae ay may karapatang malayang sundin ang kanilang kagustuhan, paunlarin ang kanilang kakayahan at potensyal, at gumamit ng kapangyarihan sa mga institusyong nangangasiwa sa pangaraw-araw nitong pamumuhay | Pagbibigay kapangyarihan sa mga mamamayan Pakikialam ng estado/pamahalaan sa panig ng pagkakapantay-pantay |
| Uri ng Pakikibaka | Kombinasyon ng pakikibakang masa, armado at elektoral | Pakikibakang masa at elektoral | Pakikibakang masa at elektoral | Pakikibakang masa at elektoral | Pakikibakang elektoral |
| Mga Organisasyon | <i>BAYAN (Pakikibakang masa) Bayan Muna (pakikibakang elektoral) CPP-NPA-NDF (aramdong pakikibaka)</i> | <i>Akbayan</i> | PDSP | Liberal Party | Lakas CMD |
| Posisyon sa Pulitikal Ispektrum | Sagarang kaliwa | Kaliwa | Kaliwa-gitna | Gitna | Kanan |

Ang malaking kaibahan sa pagitan ng sosyalismo at liberalismo ay makikita sa paniniwala ng nauna sa pagkakapantay-pantay ng resulta, samantalang iginigiit ng huli na ang pagkakapantay-pantay ay dapat limitado lamang sa usapin ng pagkakaroon ng pagkakataon. Ang puna ng mga liberal sa sosyalismo ay nag-uugat sa pagpapahalaga nito sa kalayaan. Naniniwala ang mga liberal na hindi dapat mapalawak ang kapangyarihan ng pamahalaan nang labis sa kinakailangan sapagka't ang mga mamamayan din ang magtutustos sa proteksyon nito, hindi lamang sa pamamagitan ng pagbabayad ng buwis, bagkus pati na rin sa mga ginagawang abuso ng mga tiwaling opisyal nito.

1.8 Anu-ano ang mahahalagang grupong ideolohikal sa Pilipinas?

Bagamat may malawak na bilang na ng iba't ibang kilusan at partidong pulitikal sa Pilipinas, iilan lamang ang nagtataglay ng malinaw na posisyong ideolohikal. Ang mga ideolohiyang itinataguyod ng mga kilusan at partidong ito ay ang mga sumusunod: pambansang demokrasya, sanlipunang demokrasya, demokrasyang liberal, at demokrasyang Kristyano.

Ang **pambansang demokrasya** (*National Democracy*) ay pansamantalang yugto tungo sa pagtatayo ng sosyalismo sa Pilipinas na siyang itinataguyod ng *Communist Party of the Philippines* (CPP). Ito ay bahagi ng dalawang-yugtong rebolusyon na siyang pinatutupad ng CPP: ang pambansang demokrasya na susundan ng sosyalismo. Layunin ng pambansang demokrasya na lansagin ang paghahari ng imperyalismo at pyudalismo. Ang pakikibakang ito ay pangungunahan ng CPP. Magsisimula lamang ang sosyalismo sa pagwawagi ng pambansang demokratikong rebolusyon. Ang CPP na muling itinatag noong 1968 ay naniniwalang 'malapyudal at malakolonyal' ang

lipunang Pilipino. Nananatiling pangunahing agrikultural ang ekonomiya na nadodomina ng pyudal na relasyon sa produksyon. Ang pyudalismo ang nagsisilbing panlipunang haligi ng imperyalismo. Ang imperyalismo at pyudalismo ang kambal na hadlang sa industrialisasyon at pag-unlad ng kapitalismo sa bansa. Dalawa ang instrumento ng rebolusyon: armadong pakikibaka at ang hanay ng nagkakaisang grupo na nakabatay sa alyansa ng mga magsasaka, uring manggagawa, suporta mula sa petiburgesya sa kalunsuran at ilang bahagi ng pambansang burgesy. Pinangungunahan ng lihim na rebolusyonaryong kilusan ang pambansang demokratikong kilusan na kinapapalooban ng CPP, ng *Bagong Hukbong Bayan (New People's Army)* - ang kanyang armadong grupo at ng *Pambansang Demokratikong Hanay (National Democratic Front)*. Ang legal na organisasyong pambansang demokratiko ay lumalahok sa hayag na pakikibakang masa katulad ng *Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN)* at sa halalan - *Bayan Muna*. Sa mga nakaraang taon, ang pambansang demokratikong kilusan ay nahati sa iba't ibang paksyon dahil sa mga usaping pamumuno at batayang paniniwala o doktrina.

Ang **sanlipunang demokrasya** (social democracy) ay isang posisyong ideolohikal na karaniwang nakakabit, bagama't hindi lubusan, sa demokratikong sosyalismo. Ito ay isang rebisyonistang sosyalistang doktrina na tumataliwas sa paglalansag sa pribadong pag-aari o pagtataguyod ng tahasang 'kolektibisasyon.' Bagkus ang sanlipunang demokrasya ay naglalayong ayusin at gawing makatao ang kapitalismo. Sa kanluran, masigasig na tinataguyod ng mga maka-sanlipunang demokrasya ang pakikialam ng estado sa pamamahala ng ekonomiya sa pamamagitan ng tinatawag na *welfare state* nang sa gayon masiguro ang pagkakapantay-pantay. Sa Pilipinas, ang kilusang sanlipunang demokrasya ang nagsisilbing tradisyonal na katunggali ng pambansang demokrasyang grupo mula pa noong *First Quarter Storm*

ng 1970. Subali't kakaiba sa mga pambansa-demokratikong pwersa, ang mga maka-sanlipunang demokrasya ay hindi nagawang magkaisa sa isang matibay na organisasyong lumaban sa diktadurang Marcos. Sa kasaysayan ng pakikibakang anti-Marcos, ang kilusang masa at lihim na sanlipunang demokrasyang pwersa ay nahati sa dalawa: Kapulungan ng mga *Sandigang Pilipino* (KASAPI) at *Partido Demokratikong Sosyalista ng Pilipinas* (PDSP).

Sa ngayon, tanging PDSP ang nanantiling aktibo. Naitatag ito noong 1973 at siyang pumupusturang alternatibo sa pambansang demokrasyang programa. Tinitingnan nito ang lipunang Pilipino na isang “palaasang sistemang neo-kolonyal ng kapitalismo na ang malaking bahagi nito ay nanatiling pyudal.” Demokratikong sosyalismo ang kaniyang ideolohiyang gabay samantalang ang kanyang modelo ay sanlipunang demokrasya. Sa kabila ng kaniyang makakaliwang programa, nagpapakita ito ng konserbatibo at makakanang tendensiya sa loob ng kanyang makulay na kasaysayan. Ito ang nagbunsod ng malakihang paghahati sa kanilang hanay na siyang nagpahina sa sanlipunang demokratikong kilusan sa Pilipinas.

Umusbong ang *Akbayan!* (Partidong Aksyon Bayan) upang hamunin ang pamumuno ng PDSP bilang partidong sanlipunang demokratiko sa Pilipinas. Mula nang maitatag ito noong 1998, ang *Akbayan* ay naging bukluran ng mga pwersang mula sa pambansang demokratiko, sanlipunang demokratiko at Kristiyanong sosyalista at iba pang grupong makakaliwa. Ito ang nagsilbing mahalagang inisyatiba sa pagbubuo ng pagkakaisa sa hanay ng mga grupong makakaliwa. Bilang pangunahing kilusang lumalahok sa eleksyon, mahusay na pinalabnaw ng *Akbayan* ang kanyang makakaliwang “tinig” o retorika. Naniniwala ito na “matagal nang isinantabi ng mga mayayamang nasa pamahalaan ang kapakanan ng bayan at wala silang ibang isinaisip kundi ang lalo pa nilang maisulong ang kanilang makitid na interes

pang-ekonomiya. Hinihinok ng *Akbayan* ang pamahalaan na magtaguyod ng mas makahulugang patakaran na kapapalooban ng repormang magbabahagi sa yaman ng bayan, magbibigay ng serbisyong pampubliko at angkop na proteksiyong panlipunan.”

Ang pangunahing tagapagtaguyod ng **demokrasyang liberal** sa Pilipinas ay ang *Liberal Party*. Ang *Liberal Party* ay may mahabang kasaysayan ng pakikilahok sa eleksyon mula nang maitatag ang Republika ng Pilipinas noong 1947. Isa ito sa malalaking partidong pulitikal na nakibaka laban sa diktadurang Marcos. Ang *Liberal Party*, kasama ng malawak na kilusang liberal sa Pilipinas, ay nakalaang magtanggol sa ngalan ng kalayaan. Kakaiba sa ibang groupong ideolohikal, nananalig ito sa indibidwal, hindi sa estado o pamahalaan, upang matugunan at malutas ang mga suliraning ng lipunang Pilipino. Kung kaya, binibigyan ng pangunahing importansya ng mga liberal ang mga mamamayan. Sa pananaw ng LP, “ang kasaysayang kolonyal at ang karanasan sa ilalim ng diktadura ay nagbigay-daan sa isang lipunang elitista, hindi makatarungan, batbat ng paghihirap ng mga mamamayan, puno ng katiwalian at malimit na pagsunod sa dikta ng dayuhang interes.” Layunin ng mga liberal ang pagtatayo ng isang lipunan kung saan ang bawat isang indibidwal, babae man o lalaki, ay may karapatan na malayang sundin ang sariling kagustuhan, isakatuparan ang kaniyang potensyal at gumamit ng kapangyarihan sa mga institusyong nangangasiwa sa pangaraw-araw nitong pamumuhay.

Ang **Kristiyanong demokrasya** (Christian democracy) ay nagsusulong ng isang malumanay at makataong uri ng konserbatismo. Bilang isang kilusan, nilalayan nitong masagot ang mga suliraning panlipunan sa tulong ng mga prinsipyong maka-Kristiyano, labas sa kontrol ng mga simbahang Katoliko at Protestante. Nakikibahagi ito sa mga pagpapahalagang konserbatibo ng indibidwalismo, pagrespeto sa mga pag-aari at ari-arian, pagpapahalagang moral, anti-komunismo

at pagsalungat sa labis na pakikialam ng pamahalaan. Ang kilusang Kristiyanong demokrasya sa Pilipinas ay maiuugat sa *Christian Social Movement* na nabuo noong dekadang '60. Uminog ito sa *National Union of Christian Democrats* at humalo sa ibang partido pulitikal upang maitatag ang *Lakas-NUCD-United Muslim Democrats* (Lakas-NUCD-UMDP) noong 1992. Noong 2003, pinaikli nito ang pangalan sa *Lakas Christian Muslim Democrats* (Lakas CMD). Naniniwala ang Lakas CMD na ang “lipunang Pilipino ay nakahulma pa rin sa mistulang piramidong relasyon sa pagitan ng “maliliit na tao” at “malalaking tao.” Naghahain ito ng programa ng pamamahala na nagbibigay-kapangyarihan sa mga mamamayan lalo na sa mga lokal na komunidad na siyang haligi ng lipunang nasyunal.” Mahigpit din itong tumatangkilik sa konsepto ng “social market” na tinataguyod ng kanilang ka-ideolohiya sa Europa.

Ang social market ay ekonomiyang hinubog mula sa mga prinsipyo ng pamilihan at, sa pangkalahatan, ay malaya sa kontrol ng pamahalaan na umiiral sa konteksto ng isang lipunan kung saan ang pagkakaugnay-ugnay ng bawat isa ay napapanatili sa pamamagitan ng komprehensibong sistema ng welfare state at mahusay na serbisyong pampubliko. Kung kaya, ang Lakas-CMD ay nagpapahayag ng pangangailangan ng “tulong ng estado sa panig ng pagkakapantay-pantay nang matiyak ang pantay na kompetisyon sa negosyo, masolusyunan ang mga suliraning dulot ng di masawatang kapitalismo, at maiwasan ang pagsasamantala sa mahihina at mapaliit ang malaking pagitan ng mayayaman sa mahihirap.”

Ang Pulitikal na Dimensyon ng Liberalismo

2.1 Ano ang tinatawag na liberal na pakikitungo sa demokrasya?

Sa mga liberal, ang demokrasya ang tanging paraan sa mapayapang pagbabago. Ang malaking bentahe ng demokrasya sa ibang klase ng pamamahala ay ang patuloy na pagtataguyod nito sa pluralismo at ang mga probisyon nito para sa mga alternatibong pagpupunyagi. Gayun pa man, ang demokrasya ay isa lamang aspeto ng isang ideyal na sistemang pampulitika na kinapapalooban ng pangigingibabaw ng:

- Pangingibabaw ng batas
- Pagtatanggol sa pundamental na karapatan
- Limitasyon ng kapangyarihan
- Malayang kalakaran

Sa liberal na pananaw, ang demokrasya ay tumutukoy sa paraan ng pamamahala, samantalang ang kalayaan ay ang layunin nito. Ang pagkawala ng demokrasya ay hindi nagwawakas sa isang arbitraryong pamamahala. Walang pamahalaan na basta na lamang gagawin ang nais nitong gawin kahit na ito'y legal o makatwirang naluklok. Kung kaya nga ba ang pangangalaga sa isang nakasulat na konstitusyon, pagtatama at pagbabalanse ng kapangyarihan, at ang pagkakaroon ng mga karapatan ay napakahalaga sa isang demokrasya.

2.2 Ano ang demokrasyang liberal?

Ang demokrasyang liberal ay isang anyo ng demokratikong pamamahala na bumabalanse sa mga prinsipyo ng isang limitadong pamahalaan laban sa isang popular na pagsang-ayon. Ang isang “liberal democrat” ay naniniwala na ang demokrasya ay ang pinakamainam na uri ng gobyerno bagamat iginigiit niya na ang kapangyarihan ng pamahalaan ay dapat maging limitado. Bagaman ang katawagang ito ay kalimitang ginagamit upang ilarawan ang isang prinsipyong pampulitika, ang liberal na demokrasya ay nangangahulugan ng isang uri ng rehimen.

2.3 Anu-ano ang mahahalagang katangian ng isang demokratiko at liberal na rehimen?

Ang mahahalagang katangian ng isang rehimeng demokratiko at liberal ay ang mga sumusunod:

- Pamahalaang konstitusyunal na nakabatay sa pormal at legal na batas
- Kalayaan ng mamamayan at karapatang indibidwal na ginagarantiya ng batas
- Regular na eleksyon na gumagalang sa mga prinsipyo ng pangkahalatang halalan at “isang tao, isang boto”
- Pluralismo sa pulitika na nanununtunan sa halaga ng halalan at tunggalian ng iba’t ibang nagkakasalungatang mga partido
- Maayos at masiglang lipunan ng mamamayan na kung saan ang mga organisadong grupo ay nagtatamasa ng autonomiya mula sa pamahalaan o gobyerno
- Isang ekonomiya ng malayang kalakaran

2.4 Ano ang hindi malayang demokrasya?

Sa kabila ng mabilis na pagdami ng bilang ng mga nominal na demokrasya sa buong daigdig nitong mga nakaraang taon, wala

namang lantad na pagbaba sa bilang, bigat at lawak ng pang-aabuso sa karapatang pantao. Dagdag pa dito ang mga nominal na demokratikong rehimen sa buong mundo ay nabigong maiwasan o mapigilan ang paniniil at mga digmaang etniko. Ang mga ganitong rehimen ay hindi naman tuwirang nagtataguyod ng kasaganahan at pag-unlad ng ekonomiya, at patuloy pa ring nilulukob ng katiwalian. Kung kaya't posibleng magkaroon ng tinatawag na “hindi malayang” demokrasya. Ang pagsubok na nakaatang sa mga liberal ay kung paanong magagawa na ang demokrasya ay maging kapaki-

gawin. Ang paghusayin pa ang pamantayan sa pagpapatupad ng batas ang pinakatamang paraang dapat na gawin kaugnay nito. Tumutugon ito sa lahat ng indibihal ng lipunan at sa lahat ng minoryang bumubuo sa lipunan. Ang pagpapatupad nito at ang matinding pagtataguyod sa lahat ng prinsipyong tumutukoy sa pagpapatupad ng batas ay mga importanteng paraan upang matiyak na ang demokrasya ay hindi maging “iliberal”.

2.6 Ano ang kaibahan ng “batas at kaayusan” at “pangingibabaw ng batas”?

Ang “batas at kaayusan” ay nagbibigay-diin sa pagpapanatili ng “status quo” at maaaring mapabayaang ang kawalang-katarungan sa proseso ng pagpapatupad nito. Sa pananaw ng isang eletista, ang pagkawala ng katarungan ay mas maliit na pagkakasala kung ang kahahantungan nito ay ang pagdudulot ng pagkain sa lipunan. Sa kabilang dako, ang ideya ng pangingibabaw ng batas, sa pagtanggap nito sa pagkakapantay-pantay ng bawat indibidwal, ay hindi tinatanggap ang paniniwalang ang mga karapatang legal ng isang indibidwal o ng isang minorya ay hindi dapat baliwalain nang dahil lamang sa isa pang nakatataas na interes o nakatataas na kabutihan.

2.7 Ano ang mabuting pamamahala?

Ang pamamahala ay tumutukoy sa relasyon ng mamamayan at ng estado, ng namumuno at pinamumunuan, ng pamahalaan at pinamamahalaan. Ito ang proseso ng sama-samang pagpapasya, isang gawain na maaring hindi na nangangailangan ng pamumuno o pangunguna ng gobyerno o ng anumang gampanin nito. Sa ganitong pananaw, ang pamahalaan o gobyerno ay kinikilala lamang na isang instrumento sa proseso ng pamamahala. Ang mabuting pamamahala ay nakasalalay sa mga sumusunod na prinsipyo:

- Kalinawan ng transakyon
- Pananagutan
- Bukas sa lahat
- Pangingibabaw ng batas

Sa partikular, ang estadong nagtataguyod ng isang mabuting pamamahala ay dapat na maging:

- Masigasig sa paglaban sa kurapsyon at sa paggamit ng pampublikong tanggapan sa pansariling interes
- Paunlarin ang mga demokratikong pamamaraan, institusyon at prinsipyo
- Itaguyod ang limitadong pamamahala ng mahahalagang tanggapang pampubliko
- Paliitin ang sakop ng gobyerno at ang kanyang mga tungkulin
- Tanggalin ang pagkontrol sa ekonomiya
- Isapribado ang estado at malaestadong pangangalakal
- Itatag at ipatupad ang kodigo ng mabuting asal
- Itaguyod ang indepedyente at epektibong paghuhukom

2.8 Bakit lubhang pinahahalagahan ng mga liberal ang karapatang pantao?

Ang mga liberal ay naniniwala na ang pusod ng sagradong karapatan ay hindi kailanman mababago kahit na ang nakararami sa isang lehislatura ay nagnanais nito. Ang mga karapatang ito, tulad ng mga karapatang pantao, ay kinapapalooban, halimbawa, ng pagtatangol sa buhay, pagmamaltrato sa pisikal na katawan, *habeas corpus*, kalayaan ng isip at budhi.

Ito ay nagpapahiwatig na kahit pa ang saligang- batas ay maaring mabago, ang ilan sa mga karapatan ay hindi kailanman mababaliwala at bahagi ito ng indibidwal na tao. Hinggil dito, ang indibidwal ay

masasabing may sariling kalayaang kanyang-kanya lamang. Ang mga karapatang ito ay kabilang sa mga batayang karapatan sa “Bill of Rights” na karaniwang bumubuo sa panimulang bahagi ng saligang batas. Mahirap isipin ang isang legal at pulitikal na kaayusan kung saan ang panggingibabaw ng batas ay umiiral samantalang ang mga nasabing karapatang pantao ay hindi. Sa katotohanan, marami sa batayang karapatang pantao ay lohikal na ekstensyon ng konsepto ng panggingibabaw ng batas. Tao ang gumagawa ng batas at maaring ito ay mabuti o masama. Sila mismo ay hindi mapapangalagaan mula sa mapaniil na awtoridad at di makatwirang panghihimasok sa buhay ng mga indibidwal. Ang kanilang pangangailangan ay dapat na maisaayos nang higit pa sa pangkahalatang prinsipyo na naaangkop sa lahat ng batas at sistemang legal, upang maitaguyod ang batas na makatarungan para sa lahat na siya namang dahilan sa pagkakagawa nito.

2.9 Ano ang liberal na pananaw sa disentralisasyon?

Ang disentralisasyon ay karaniwang tumutukoy sa pagpapalaganap ng lokal na autonomiya sa pamamagitan ng paglilipat ng mga kapangyarihan at responsibilidad palayo mula sa mga pambansang ahensiya. Mula sa pananaw na liberal, ang disentralisasyon ay kanais-nais dahil ang responsibilidad para sa iba’t ibang gawain sa buhay ay nakasalalay, una at higit sa lahat, sa indibidwal at sa kanyang napiling pinakamalapit na pamayanan, tulad ng pamilya. Ang mga bagay na hindi kayang gampanan ng nasabing pamayanang ang dapat lamang ipagkatiwala sa pamahalaan, o higit na mabuti, sa antas na lokal.

3

Ang Pang- Ekonomiyang Dimensyon ng Liberalismo

3.1 Ano ang liberal na pananaw sa pag-aari at pamimilihan?

Ang liberalismo ay nagpapahalaga sa mga pansamantalang kalayaan - ang karapatan sa pag-aari, ang karapatan na makalikom ng kayamanan at kapital, kalayaan na makagawa, magbenta at mamili. Binibigyang-diin dito ang boluntaryong katangian ng relasyon sa pagitan ng iba-ibang salik pang-ekonomiya, maging ito man ay ang nagpapatrabaho, ang manggagawa, ang nagpapautang, ang prodyuser, o ang mamimili. Ang kalayaan ng kontrata ay lubos na pinapahalagahan. Dahil dito, masasabing ang mga indibidwal ay malayang humubog sa kanilang sitwasyon batay sa kanilang kagustuhan at pansamantalang relasyon sa ibang indibidwal. Ang punto kung saan nagtatagpo ang iba-ibang kagustuhan o hangarin ng mga indibidwal, kung saan nagaganap ang mga pansamantalang relasyon, ay tinatawag na pamimilihan.

3.2 Ano ang relasyon sa pagitan ng mga kalayaang pang-ekonomiya at ng malayang pamimilihan?

Ang pamilihan ay isang la2 0a4agpthan o hangarin nglang

mga kumpanya o “*maritime ventures*”, at humahanap ng trabaho. Ang pamilihan ay sumasalamin sa panustos at pangangailangan (supply and demand) para sa mga paninda at serbisyo. Samantala, ang panustos at pangangailangan naman ang nagtatakda ng halaga.

3.3 Bakit ang pamilihan ang pinakasukatan ng gawaing pangkabuhayan?

Ang pamilihan ang pinakasukatan ng gawaing pangkabuhayan dahil ang pangangailangan ang nagpapataas ng mga halaga ng bilihin, kung kaya ito ang nag-uudyok upang gumawa, hanggang ang pangangailangan ay makamit at ang halaga ng bilihin ay pumarehas. Dahil ang pamilihan ay hindi nagpapahintulot sa mga walang-kakayahan at walang-kasanayan, ang mga nagawang paninda na hindi tumutugon sa pangangailangan o hindi kanais-nais ay bababa ang halaga, hanggang sa ang mga di kanais-nais na mga prodyuser ay mawala sa pamilihan at mapalitan ang mga ito ng mas maganda at maayos na paninda.

3.4 Paano nakikinabang ang mamimili sa malayang pamimilihan?

Ang pamilihan ay puno ng libu-libong indibidwal na mangangalakal na tumutugon sa hindi lamang isang milyong mamimili na nagkukumpara sa mga kalidad at halaga ng bilihin, kundi maging

ADAM SMITH (1723-1790)

Isang pilosopo at pulitikal na ekonomista na kilala sa kanyang obra, “*An Inquiry Into the Nature and Causes of the Wealth of Nations*” (1776), kung saan binuo niya ang kanyang mga teorya hinggil sa malayang ekonomiya, kompetisyon at malayang kalakaran.

Ang kanyang pangunahing hangarin ay mapalaya ang gawain ng tao sa lahat ng administratibo at pang-ekonomiyang pagkontrol ng estado, habang hinahayaan ang mga indibidwal na hanapin ang kanilang personal na tubo at kasagutan sa kanilang mga pangangailangan. Naniniwala siya na may mga batayang batas-pangekonomiya, tulad ng batas ng pagtustos at pangangailangan na siyang nagtatakda sa pansariling pamamalakad ng ekonomiya. Siya ang itinuturing na ama ng malayang ekonomiya.

ng kani-kanilang mga sarili. Kung ang isang partikular na produkto ay mabali, ang ibang prodyuser ay gagawa din nito, dadami tuloy ang paninda at bababa naman ang pangangailangan dito. Dapat ang sistema ay maging sensitibo sa pangangailangan ng mamimili at maging “bukas” – hinahayaang papasukin ang lahat ng mga bagong nagnanais makikumpetensya at paalisin ang mga nabigong nakilahok. Ang halaga ang matapat na nagtatakda sa dami ng pangangailangan at ang panustos ay umaakma o tumutugon lamang dito.

Sa katunayan, sistema talaga ang nakapagbibigay ng kapakinabangan sa mga mamimili dahil ang mga presyo ay hindi maaring itakda nang permanente, ang dami ng produksyon ay di maaring makontrol, at imposibleng mangibabaw ang monopolyo o kartel dahil sa kompetisyon. Nakikinabang din ang mga prodyuser dito dahil nakadepende din sila sa batas ng pagtustos at pangangailangan sa pagtatakda ng sahod at presyo ng mga bagong produkto. Ang sistema ang nagbibigay ng pinakamagandang pamamaraan para sa produksyon at “pagsagot” sa mga pangangailangan.

3.5 Bakit ang pagiging malaya ang pinakasagot laban sa kahirapan?

Ang kahirapan ay patuloy na nagiging isang malaking hamon sa mga liberal, hamon sa kanilang pangarap para sa sangkatauhan at hamon para sa kanilang hangarin ng pagkakamit ng isang makatarungan at malayang lipunan. Naniniwala ang mga liberal sa prinsipyo ng kalayaan ng indibidwal at sa isang katipunan ng di-maikakait o di-maiaalis na mga karapatang pantao. Ang lubos na kahirapan ay isang pang-araw-araw na dagok sa karapatang mabuhay ng bawat indibidwal kung kaya’t hindi ito mapapahintulutan ng mga liberal. Bukod dito, ang isang taong nagsisikap na mabuhay ay may kakaunting pagpipilian lamang sa buhay upang siya ay makaranas ng pansariling kalayaan. Ang kaganapan ng kalayaan ng indibidwal sa lipunan ay nagpapakita ng pagkakatanggal ng malawakang kahirapan.

Lubos na mahalaga, lagi na lamang nalilimutan kung paanong sa kasaysayan ang mga tao sa buong mundo ay nakatatakas mula sa

kahirapan: sa pamamagitan ng kanilang sariling pagpupunyagi, sa kanilang pagsisikap, sa kanilang pagtitipid, sa kanilang pamumuhunan sa edukasyon, sa kanilang kagustuhang subukan ang mga bagay na bago, at harapin ang mga pagsubok. Oo nga't may mga ibang indibidwal na lugmok na sa kahirapan upang tulungan ang kanilang sarili, hindi ito totoo sa nakararaming mahihirap. Kailangan nila ng mga oportunidad, at kailangan din nila ang proteksyon ng batas upang matakasan nila ang pananamantala ng mga maykapangyarihang grupo o mga indibidwal na nais kamkamin ang bunga ng kanilang pinaghirapan.

3.6 Ano ang relasyon ng mga karapatan sa pribadong pag-aari at sa kalayaan ng indibidwal?

Hindi man nababanggit, ang liberalismo ay palagiang nagbibigay-diin sa matatag na karapatan sa pag-aari, dahil ang prinsipyo ng pribadong pag-aari ay importanteng pananggalang sa kalayaan ng indibidwal. Palaging pinagtatalunan na ang pagkilala na ibinibigay ng liberalismo sa pribadong pag-aari ay sumasalamin sa interes ng mayayamang uri o mga kapitalista, ngunit ang bagay na ito ay maliit na parte lamang ng kabuuang larawan. Higit na kailangan ito ng mahihirap dahil iyon ay bahagi ng kanilang karapatan na kadalasan ay di kinikilala ng batas o di naipagtatanggol ng sistema ng hukom.

4

Ang mga Panlipunang Dimensyon ng Liberalismo

4.1 Ano ang panlipunang dimensyon ng liberalismo?

Ang isang liberal na palisi ay naghahangad ng isang panlipunan at ekonomiyang kaayusan, na masasabing tunay na para sa tao o para sa lipunan. Ang liberal na palisi ay masasabing tunay na panlipunan sapagkat layunin nitong bigyan ang mamamayan ng kalayaan na responsableng mapangalagaan ang kanyang kapakanan sa loob ng isang ekonomiyang pangkalakalan nang walang diskriminasyon at pakikialam mula sa estado. Ito ay tunay pa ring panlipunan sapagkat ito’y nagsusumikap na makamit ang isang legal at pang-ekonomiyang kaayusan sa pagtatakda ng mga dapat gawin upang masiguro na ang kabutihan ng indibidwal ay kabutihan din, sa pangkalahatan, ng lipunan. Ang panlipunang dimensyon ng palising liberal ay nangangahulugan na ang indibidwal ay kumikilala ng responsibilidad para sa sarili at sa kanyang pamilya ayon sa kanyang kapasidad. Naisisiwalat ito sa kalidad ng resiprokal na epekto nito, kung saan ang pagsusumikap na makamit ang sariling layunin ay nakapagpapabuti rin sa pagkakamit ng layunin ng iba.

4.2 Ano ang panlipunang tungkulin ng pamilihan?

Upang matiyak ang kalayaan sa pagpili at makapagdulot ng maraming alternatibo, ang palisi sa ekonomiyang pangkalakalan ay isang di maisasantabing panlipunan, bagamat kalimitang di nauunawaang instrumento. Ang palisi sa ekonomiyang pangkalakalan ay nakabatay sa pundamental na katiyakan ng ari-arian at sa malayang pamilihan

sa loob ng isang legal at pang-ekonomiyang balangkas at kaayusan. Ang malayang pamimilihan ay naghihintulot sa malayang palitan ng paninda at serbisyo, malayang kompetensya, at malayang kooperasyon. Ito rin ang mga haligi ng isang lipunang liberal. Hinihingi ng isang lipunang liberal ang pag-iral ng isang pamilihan kung saan – sa loob ng isang legal na balngkas – ay mayroon hindi lamang ng malayang pagpapalitan, ngunit mayroon ding kompetisyon bilang insentibo at bilang limitasyon din ng pang-ekonomiyang kapangyarihan. At isa pa, nangangailangan din ito ng malayang kooperasyon, na ang kahalagahan para sa malayang sistema ng pamimilihan ay karaniwang di napapansin at di sapat na napapahalagahan.

4.3 Ano ang pangmamamayang kalayaan?

Kung ang mga kalayaang pansarili, sa kabuuan, ay nangangahulugan ng isang kalipunan ng mga proteksyon, ang mga kalayaang pangmamamayan naman ay nagsasaad ng malaya at positibong daluyan at mga aspeto para sa mga gawain at partisipasyon ng tao. Pundamental sa liberal na paniniwala ang konsepto ng kalayaan sa pag-iisip. Ang kalayaang mag-isip ay kaugnay ng kalayaang magpahayag, kalayaang magsalita, kalayaang magsulat, kalayaang maglimbag at ikalat ang isang kaisipan, kalayaang magkipagdiskusyon, at kalayaang makipag-ugnayan sa iba tungo sa mapayapang pagpapahayag ng ideya.

4.4 Ano ang panlipunang kalayaan?

Ang kalayaang mag-isip, magpahayag at humingi ng proteksyon mula sa pamahalaan sa anyo ng personal at pangmamamayaang karapatan ay hindi gaanong mahalaga kung ang mga indibidwal ay hindi nabibigyan ng angkop na pagkilala upang sila ay makapagtrabaho at mamuhay nang naaayon sa kanilang talento at kakayahan. Ang panlipunang kalayaan ay tumutugon sa tinatawag nating oportunidad para sa pag-unlad o pag-angat sa kabuhayan. Karapatan ng lahat ng indibidwal, anuman ang lahi, paniniwala at posisyon sa buhay, na

mabigyan ng mga oportunidad upang marating nila ang posisyon sa lipunan katumbas ng kanilang kakayanan. Ang mga kalayaang pansarili ay maaring mawalan ng kabuluhan o maging pormal na atas na lamang. Maari lamang magkaroon ng kalayaan para sa lahat kung maibibigay lamang ang pantay na oportunidad para sa lahat.

4.5 Ang liberalismo ba ay tugma sa mga pagpapahalaga ng mga Asyano?

Ang mga prinsipyo ng liberalismo, tulad ng karapatang pantao at pangngibabaw ng batas, ay unibersal at mailalapat anuman ang kulturang pinag-ugatan. Ang lahat ng tao, anuman ang edad, relihiyon, kasarian, katayuan sa lipunan o nasyonalidad, lahat ay naghahangad ng seguridad (kasama ang mga legal na seguridad), hustisya at pantay na trato sa ilalim ng batas. Ito ay mahalagang kinikilala sa lahat ng pilosopikal, relihiyoso at mga legal na dokumento na itinuturing ang pangangailangan ng indibidwal bilang batayang panimula. Ang ganitong aspirasyon, magkagayun man, ay hindi kinikilala sa mga ideolohiya na naghahangad maging eksklusibo at pumapabor lamang sa isang klase, grupong etniko, nasyon o relihiyon kaysa sa iba.

Ang karapatang pantao at alituntunin ng batas ay tiyak na hindi makakanluraning konsepto kung titignan sa ganitong perspektibo. Una, kakaunting tao lamang ang nagpapahalaga sa kapwa nila dito sa mundo – o kahit na yung iba na nagkukunwaring nagpapahalaga – ay nakahandang makipagtalo na ang mayayaman at makapangyarihan ay dapat magkaroon ng mas maraming karapatan kaysa sa iba. Pangalawa, hindi lahat ng makakanluraning kaisipang politikal ay natanggap ang karapatang pantao at alituntunin ng batas ay isang nangingibabaw na prayoridad sa magkakasamang organisasyon. Ang isang pinakahalimbawa dito ay ang Marxismo, isang makakanluraning kaisipan, na pinagkakaitan sa mga taong hindi kabilang sa tinatawag na “proletaryo” ang proteksyon na itinalaga para sa mga proletaryo.

Mga Sanggunian

- Ball, T. and Dagger, R. (1999). ***Political Ideologies and the Democratic Ideal***. (3rd ed.). New York: Longman.
- Danziger, J.N. (2001). ***Understanding the Political World: A Comparative Introduction to Political Science***. New York: Addison Wesley Longman.
- Daza, R.A., Abad, F.A. & Angeles, J.I. (1996). ***The Steadfast Keepers: Keeping Alive the Vision of Liberal Democracy in the Philippines***. Mandaluyong City: National Institute of Policy Studies.
- De Sotro, H. (2000). ***The Mystery of Capital: Why Capitalism Triumphs in the West and Fails Everywhere Else***. London: Black Swan.
- Fukuyama, F. (1992). ***The End of History and the Last Man***. London: Penguin Books.
- Gaus, G. (1996). ***Justificatory Liberalism: An Essay on Epistemology and Political Theory***. New York: Oxford University Press.
- Hague, R., Harrop, M., & Breslin, S. (1998). ***Political Science: A Comparative Introduction***. (2nd Ed.) New York: Worth Publishers.
- Hagopian, M. (1985). ***Ideals and Ideologies of Modern Politics***. New York: Longman.
- Heywood, A. (1994). ***Political Ideas and Concepts: An Introduction***. New York: Longman.
- _____. (2000). ***Key Concepts in Politics***. London: Macmillan Press Ltd.
- Holden, B. (1993). ***Understanding Liberal Democracy*** (2nd Ed.). New York: Harvester Wheatsheaf.
- Jackson, R.J. & Jackson, D. (1997). ***A Comparative Introduction to Political Science***. New Jersey: Prentice Hall.
- Lambsdorff, O. (2002). ***Liberty – The Best Remedy Against Poverty***. Potsdam: Friedrich Naumann Stiftung.

- Lawson, K. (1989). ***The Human Polity: An Introduction to Political Science.*** (2nd ed.). Boston: Houghton Mifflin Company.
- Liang, D. (1970). ***Philippine Parties and Politics: A Historical Study of the National Experience in Democracy.*** San Francisco: The Gladstone Company.
- Liberal Party Basic Orientation Seminar Handbook.*** (1989). Mandaluyong: National Organizing Committee.
- Macridis, R. C. & Hulliung, M. L. (1996). ***Contemporary Political Ideologies: Movements and Regimes*** (6th ed.). New York: Harper Collins.
- Majul, C.A. (1969). ***Anticlericalism During the Reform Movement.*** New York: Cornell U.P.
- Meinardus, R. (2003). "Discussing the Basics of Liberalism." ***The Liberal Aerogramme.*** Issue 45, March 2003, p.28.
- Melnik, S. (1999a). ***Liberalism – An Examination of Basics: Democracy Versus Freedom: General Observation.*** Potsdam-Babelsberg: Friedrich Naumann Stiftung.
- _____. (1999b). ***Liberalism – An Examination of Basics: The Meaning and Importance of Rule of Law.*** Potsdam-Babelsberg: Friedrich Naumann Stiftung.
- Müller-Groeling, H. (2003). ***The Social Dimension of Liberal Policy.*** Potsdam: Friedrich Naumann Stiftung.
- Rohmann, C. (1999). ***A World of Ideas: A Dictionary of Important Theories, Concepts, Beliefs and Thinkers.*** New York: Ballantine Books.
- Salonga, J. (1988). ***The Liberal Party: Its Past and the New Politics.*** n.p.
- Tansey, S. D. (1995). ***Politics: The Basics.*** London: Routledge
- Taylor, A. (2002). "Governance." ***Contemporary Political Concepts: A Critical Introduction.*** Blakeley, G. & Bryson, V. (Eds.). London: Pluto Press.